

## Ang Liham ng Obispo Otsuka Para Sa Bagong Taon 2021

### Protektahan ang lahat ng Buhay, II Pagsasabuhay ng Pananampalataya sa Panahon ng Corona

#### Panimula

Tayo ay manalangin para sa ikawawakas ng bagong pandemyang coronavirus (COVID-19) na nagsimula noong nakaraang Marso at para sa pasusumikap na makahanap ng balanse sa pagitan ng pag-iwas sa infection at buhay panlipunan. Marami sa atin na nakaranas ng paghihigpit ang nakakita sa pagbabago ng ritmo ng ating buhay kaakibat ang ating mga layunin at plano. Pero habang nararanasan natin ang mga negatibong damdamin, sa palagay ko ay napapansin din natin na may pagbabago sa ating mga puso sa paglipas ng oras. Hindi man natin maipahayag sa salita, pero tayo ay nagkaroon ng bagong pagtingin sa ating mga sarili at sa kahulugan at layunin ng ating mga buhay. Ang pagkansela sa mga Misa ay nakabagabag sa ating mga Katoliko, ngunit ito rin ang nagudyok sa atin para muling suriin ang ating buhay pananampalataya. Tayong mga Kristiyano ay sinusubukang tanggapin ang realidad ng mga pighating dulot ng pandemniya sa ating pananampalataya habang patuloy na kumikilos para “protektahan ang lahat ng buhay” (ang tema sa pagbisita ni Papa Francisco dito sa Japan noong nakaraang taon). Gayun din, tingnan natin ng mas malalim ang ating pananampalataya upang makita natin kung paano mamuhay sa panahon ng corona.<sup>1</sup>

#### 1. Tahimik na pakikipag-usap sa Diyos

Habang ginagampanan natin ang ating pang araw-araw na tungkulin, tayo ay nagagambala sa paulit-ulit na pang araw-araw na gawain at hindi madali sa atin na maharap ang espiritwal na pagkauhaw sa ating mga puso. Kaya naman, lalung-lalo na sa gitna nitong krisis, dapat tayong maglaan ng tahimik na panahon para makipag-usap sa Diyos. “Tanging sa Diyos lamang ako aasa; ang kaligtasa’y nagbubuhay sa kaniya. Tanging siya lamang ang tagapagligtas, tagapagtanggol ko at aking kalasag; akin ang tagumpay sa lahat ng oras.” (Salmo 62:1-2). Si Mother Teresa ay may sinabi ukol sa katahimikan: “We need to find God, and he cannot be found in noise and restlessness. God is the friend of silence...The essential thing is not what we say, but what God says to us and through us.”<sup>2</sup>

Unang hakbang sa pagpapalalim ng ating pananampalataya ay ang pagkilala na tayo ay nangangailangan ng kaligtasan. Hindi natin mapapawi ang ating pagkauhaw sa sarili lang natin. Hindi ko kayang iligtas ang sarili ko. Tanungin natin sa kailaliman ng ating

mga puso kung ang paraan ng pamumuhay natin ngayon ay sapat na. “Siyasatin mo ako, O Dios, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ako, at alamin mo ang aking mga pagiisip. At tingnan mo kung may anumang masamang kaugalian sa akin, at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan.” (Salmo 139:23-24).

## 2. **Bakit kayo natatakot? Wala pa rin ba kayong pananampalataya?**

Marso noong nakaraang taon, ang Papa Francisco ay nag-imbiba sa ating mga takot sa pandemniya na pagnilayan ang mga salita ni Hesus ng hamunin niya ang mga disipulo nong pakalmahin niya ang bagyo: “Bakit kayo natatakot? Wala pa ba kayong pananampalataya?” (Marko 4:40). Kung walang pagtitiwala sa Diyos, tayo ay nasa awa ng takot at bagabag. Sa kwento ng paglakad ni Hesus sa lawa sa gitna ng bagyo, sinabi ni Pedro, “Panginoon, kung ikaw nga, ay papariyanin mo ako sa iyo sa ibabaw ng tubig.” (Mateo 14:28). Si Pedro sa kabilang banda ay hindi naghanap ng espesyal na kapangyarihan para maglakad sa ibabaw ng tubig. Siya ay naniwala sa kapangyarihan ni Hesus.

Subalit, sa oras na nakababa sya sa bangka at nagsimulang lumakad sa ibabaw ng tubig, agad niyang napansin ang malakas na hangin, kaya’t siya ay natakot at nagsimulang lumubog. Tayo din ay parang si Pedro noong tayo ay nasindak ng pandemyang ito at naialis natin ang pagtuon ng ating mga mata sa Panginoong Hesus. Pero kung iyong iisipin, ang katotohanan na tayong mga Kristiyano ay nabubuhay sa pagtitiwala sa kapangyarihan ng kaligtasan ng Diyos ay kagaya ng pagkamangha sa araw-araw na himala ng paglakad sa tubig. Huwag nating kalimutang magtiwala sa Diyos at mabuhay sa pamamagitan ni Kristo, kasama ni Kristo at para kay Kristo kaysa sa matakot sa corona virus. “Ihabilin mo ang iyong lakad sa Panginoon; manalig ka sa Kanya, at Sya ay kikilos.” (Salmo 37:5). Tayo ay magtiwala sa plano ng Diyos.

## 3. **Tanungin ang kahulugan ng buhay sa Panahon ng Corona**

Ang Marso 11 ay magiging ika-10 anibersaryo ng matinding lindol sa Silangang Japan. Maraming tao ang nabawian ng buhay at ang pagdurusa ng mga taong naapektuhan nito ay nagpapatuloy. Sa mga nakaraang taon, mga lindol, mga bagyo at malalakas na pag-ulan ay palagiang nagaganap, at kahit sila ay natural na sakuna, tuwing tayo ay nakakaharap sa pagkawala ng buhay at ari-arian sa isang iglap ang mga tao ay napapatanong sa kahulugan ng mga hindi maipaliwanag na pangyayari at isipin na lamang na kamalasan. Itong krisis sa corona ay may malaking punto ng pagikot sa kasaysayan ng sangkatauhan na nagtulak para tawagin ang ating panahon na Panahon ng Corona. Ang lahat ay nagtataka/nag-iisip kung bakit, kung mayroong Diyos bakit nangyari ang kahindik-hindik na mga bagay na ito sa sangkatauhan, at bakit niya ito hinayaan.

Ang Bibliya ay nagsasabi sa kwento ng mga tao ng Israel bilang kasaysayan ng kaligtasan. Itinuturo nito na ang kasaysayan ng kaligtasan ay sinimulan ng Diyos, ang naglikha ng langit at lupa, ito ay Kaniyang plano, at ito din ay may dahilan. Makikita natin na sa maraming paghihirap na naranasan ng mga tao ng Diyos ito ay sinadya ng Diyos para bigyan ng pagkakataon para magbagong buhay at para hanapin nila ang Diyos ng buong puso. Si Hesus ay nagsalita ng talinghaga ukol sa Damo na nasa Trigo (Mateo 13:24-30), itinuro niya na walang sinuman ang nakakaalam sa kabuuan ng plano ng Diyos kaya naman walang dapat maging balakid dito. Sapagkat ang kaisipan ng Diyos ay nakatago sa mga bagay na tila kabalintunaan sa atin. Huwag tayo agad mag-isip ng konklusyon hinggil sa kahulugan ng pandemniyang ito, pero mahalaga na magtanong gamit ang mata ng pananampalataya kung ano ang kabuluhan na mabuhay sa panahong ito. Ang panginoon ay nagsasabi sa atin sa bagyong ito: Gumising ka at alalahanin mo kung ano ang mahalaga.

#### **4. Pakikiisa sa Pasakit ni Kristo sa pamamagitan ng pagdurusang**

Ang sabi ni Papa Benedikto XVI, ang pagdurusang ay parte ng buhay at ang Diyos lamang ang makakaalis sa kapangyarihan ng kasamaan at kasalanan bilang pinagmumulan ng pagdurusang, at sa gayon ay naglilikha ng nakapagpapagaling na pag-asa.<sup>3</sup> Si Benedikto ay tinanong ng pitong taong gulang na babae na si Elena na naapektuhan ng matinding lindol sa Silangang Japan kung bakit kailangang niyang maging takot na takot. Ang sabi ni Benedikto sa kaniya ay hindi din niya alam, pero alam niya ang tatlong bagay. Ang una ay ang Diyos ay nasa tabi natin. Kahit hindi natin mahanap ang kasagutan at sa gitna ng kalungkutan, ang Diyos ay nasa tabi natin. Ang pangalawa ay maraming mga tao sa buong mundo ang sumusuporta sa atin. At ang pangatlo ay isang araw maiintindihan natin na ang pagdurusang ito ay hindi walang kahulugan at walang katuturan, pero mayroong plano ng awa at pagmamahal sa likod nito.

Ang sabi ni San Pablo na kahit sa gitna ng kaniyang pagtitiis sa mga hindi mabata na pagdurusang na kaniyang pinagdaanan ay kaya niyang aliwin ang mga yaong nasa kagipitan batay sa kaniyang sariling karanasan na makita ang kaginhawahan mula sa Diyos (2 Korinto 1:3-4). Iyon ay marahil nakita niya ang pagdurusang hindi bilang pansarili, kundi ang pagdurusang ni Kristo sa kaniya. Lalung-lalo na sa sakuna na Coronang ito, si Hesus mismo ay nagdurusang kasama natin. Sa ating panalangin para sa isa't isa, tayo rin ay makiisa sa maraming taong nagdurusang, isama sa Pasakit ni Kristo, at tumanggap ng kapangyarihang magtitiis. (2 Korinto 1:6)

#### **5. Mula sa sakramentong ating tinanggap patungo sa sakramentong ating isinasabuhay**

Sa ating karanasan sa pagsubok ng pagkakansela ng mga Misa, ating pagnilayan ang kahulugan kung paano busugin ng Eukaristiya. Sa Huling Hapunan itinatag ni Hesus ang Eukaristiya at iniutos, “Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.” (1 Corinto 11:24). Pagkatapos hugasan ang mga paa ng mga disipulo, iniutos niya sa kanila, “Kung ako, na inyong Panginoon at Guro, ay naghugas na inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa. Sapagka’t kayo’y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo.” (Juan 13:14-15). Ang unang utos “pagaalaala” ay may relasyon sa liturhiya at ang pangalawang utos na “mangaghugasan ng paa ng isa’t isa” ay may relasyon sa gawaing pagmamahal. Ang sabi ni Mother Teresa ay tinatanggap niya ang komunyong dalawang beses isang araw. Ang una ay sa Misa sa umaga, at ang pangalawa ay ang pagtanggap niya kay Hesus sa mga taong kaniyang nakakaharap sa araw na iyon. Para sa kaniya, ang Sakramento ng Eukaristiya ay mahigpit na nakaugnay sa gawaing pagmamahal sa kapwa, bagay na kaniyang lubos na isinabuhay.

Ang liturhiya, lalung-lalu na ang Misa, ay sinasabing pinagmumulan at kaibuturan ng buong buhay ng Kristiyano.<sup>4</sup> Ang ating pang-araw-araw na buhay ay masasabing inilalaan sa panahon sa pagitan ng mga pagdiriwang nito. Ngayon ay ang panahon para isabuhay ang sakramentong biyaya ng pagmamahal sa kapuwa. Ang mga Kristiyano ng Japan na nagtago sa loob ng 250 taong pagtuligsa ay matagumpay na naipasa ang pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin at paggawa ng gawaing pagmamahal kahit pa hindi sila makatanggap ng pitong sakramento maliban sa binyag. Sa ating karanasan sa pagkansela ng Misa, nawa’y matutunan natin ang pagnanasang mamuhay ng may malalim na kaugnayan sa Diyos at ibang tao na bumubuo sa Kristiyanong komunidad na nagpapakita ng isang simbahang tunay na nagbubuklod. Ito ay ang pagtupad sa pagtakda ni Papa Francisco sa simbahan bilang “field hospital” sa lipunan.

## **6. Kasama ang pag-asa at kagalakan**

Sa pagkakaroon lamang ng pag-asa sa hinaharap mararamdaman ng isang tao ang kasalukuyan na may kahulugan at isabuhay ng may kagalakan. Sa pagtitiwala sa kinabukasan kaya nating mabuhay sa ngayon. Kahit sa sitwasyon ngayon na kung saan hindi natin makita ang kumpletong katapusan ng salot na corona, dapat nating alalahanin ang kahalagahan ng pag-asa, pagtitiwala sa plano ng Diyos. Hindi natin agad maunawaan ang kahulugan ng pagdurusa. Ang taong nagdurusa kahit na tumatawag sa Diyos ay nangangailangan ng panahon para matuklasan ang kahalagahan ng pagdurusa. Ang pag-asa ng mga Kristiyano ay nagmumula sa paniniwala na kahit sa simula ng ating pagdurusa o kahit sa kasalukuyan ng pagdurusa, ang Diyos ay magbibigay ng kaginhawahan at kapangyarihan upang mabata ito. At sa tuwing nalalampasan natin ang pagdurusa ang ating Kristiyanong pananampalataya ay lumalago ng mas malakas.

Ang birtud ng pag-asa ay sumisipsip sa iba pang pag-asa na nagpapalakas sa

makataong pag-uugali, pinoprotektahan tayo sa pagkabigo, at sinusuportahan tayo sa pakiramdam na tila bang tinalikuran.<sup>5</sup> Si Kristo ay tumatawag sa atin na “Kayo ay manatili sa akin” (Juan 15:4) at ipinangangako na magiging lubos ang ating kagalakan sa kaniyang kagalakan (Juan 15:11). Samakatuwid, mula sa kaniyang sariling karanasan ng kahirapan, si Pablo ay nagdahas na imungkahi sa mga tao, “Magalak kayong lagi, magsipanalangin kayong walang patid, magbigay pasasalamat sa lahat ng pagkakataon.” (1 Tesalonica 5:16-18). Ang kagalakan sa pananampalataya ay hindi nangangahulugang ang kahirapan at kalungkutan ay maglalaho. Ito ay kagalakang lunas na nagmumula sa pakikipagkaisa sa Diyos. Kaysa sa matakot sa banta ng corona, gusto nating mapukaw at maisakilos ang kapangyarihan para sa kagalakan na ipinangako ni Hesus kahit sa gitna kahirapan.

## **7. Kalungkutan na angkop sa kagustuhan ng Diyos**

Ayon kay San Pablo mayroong dalawang uri ng habag. “Sapagkat ang kalumbayan mula sa Diyos, ay gumagawa ng pagsisisi na mauwi sa kaligtasan, na hindi ikalulungkot: datapuwa’t ang makamundong kalumbayan ay nagbubunga ng kamatayan.” (2 Corinto 7:10). Kung ang tao ay nabago dahil sa karanasan ng kalungkutan at pagdurusa at humakbang mula sa pamumuhay na nakatuon sa sarili tungo sa direksyon na nais ng Diyos, ito ay kalungkutan na kagustuhan ng Diyos at naghahatid ng kagalakan sa kaligtasan. Kung tayo ay tumanggi na tanggapin ang pagdurusa at sa halip ay nagreklamo lamang, ang pagdurusa ay walang ibang pupuntahan, mananatiling pagdurusa lamang, dadalhin tayo sa walang katapusang pagdurusa, habang buhay na pagsisisi. Ito ay hindi magdadala sa walang hanggang buhay. Mula sa punto de vista ng banal, ang sakuna na corona ay marahil ay ang daan patungo sa hindi pa nakilalang biyaya.

Kahit na sinapit ni Pablo ang paulit-ulit na kahirapan, nakayanan niyang sabihin, “Kami ay pinahihirapan sa lahat ng paraan, gayon ma’y hindi naghihinagpis; naguguluhan, gayon ma’y hindi nawawalan ng pag-asa.” (2 Corinto 4:8-9). Ang sulat para sa mga Hebreo ay hinihimok din tayo. “Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma’y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito.” (Hebreo 12:11).

## **8. Ang bagong pamumuhay**

Ang basehan sa kaisipan ni Papa Francisco ay “ang lahat ay magkakaugnay”. Sa sakuna na corona na ito ang mga indibidwal at mga komunidad ay pinagkakatiwalaan ng Lumikha na palalimin ang ekolohiyang pagbabago na hamon ng Papa, na suriin muli ang pamumuhay at pang-araw-araw na kaugalian, at magpunla ng buto ng kagandahan

para sa mga susunod na henerasyon. Dapat nating tanggapin ng seryoso ang misyong ito. Ang Papa Francisco ay tumatawag sa atin. “The Lord questions us from the cross, challenging us to rethink our lives and to look at those who need us, to deepen the grace living in us. He asks us to accept it with gratitude and make use of it.” (*Life after the Pandemic*, page 30). Yamang ito ay bagong pamumuhay, ang “new normal,” hindi magiging possible ang paghahanap natin ng parehong batayan sa ating dating pamumuhay. Sa panahon ng Corona, mahalaga na hindi lamang iwasan ang pagkalat ng impeksyon, kundi ang pagkakaroon ng tapang na mamuhay ng mas simple at mas makataong pamumuhay. In the Corona Era, it is necessary not just to prevent infection, but to have the courage to live a simpler and more human life. (*Life...*, page 57). Ating pag-isipang muli ang mga bagay na talagang ating kinakailangan sa buhay, hindi lamang sa pera, kundi pati sa oras, pagkain, kasuotan, pabahay, paglilibang, atbp. Si Hesus ay nagsasabi sa atin na magtiwala sa Ama na alam ang ating kailangan, ng walang pagkabalisa sa kinabukasan. (Mateo 6:32-34). Ating pag-isipang mabuti kung ano ang higit na mahalaga para sa atin upang mamuhay ng masagana sa pamamagitan ng payak na pamumuhay ng walang luho, at atin itong piliin.

#### **9. Ang antibody ng pag-asa, pananampalataya, at pagibig**

Sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga Kristiyano ay makakahanap ng kahulugan sa kanilang kasalukuyang mga buhay, layunin sa buhay at direksyon ng kasaysayan ng mundo. Ito ay marahil ang batayan ng kanilang pag-asa sa buhay ay nakalagay sa ibayo ng mundong ito. Bukod pa doon, ang pananampalataya ay naghihimok sa atin na i-evangelize ang lipunan upang sa gayon mabuhay ito para sa iba sa mundong ito. Kaya naman, kahit ano pang hirap ang ating harapin matatanggap natin ang realidad, paniniwala sa pangako ni Kristo na palalayain tayo sa kasamaan at kamatayan. At kaya, malalampasan natin ang iba’t ibang hamon sa lipunan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagibig.

Sabi ni Papa Francisco, “I realized that the corona infection has caused all humanity to be in the same boat. Everyone is weak and confused, but at the same time, each one, is important and irreplaceable, and everyone is invited to become one and provide mutual comfort. We are all together in this boat.” (*Life...*, page 25). Kaya naman, “ang lahat ng mga bagay ay nagtutulungan para sa kabutihan” (Roma 8:28), ating pagbabahaginan ang buhay bilang naninirahan sa mundong ito. Ang hamon ay ang pagbuklorin ang buong pamilya ng sangkatauhan at ipagpatuloy ang mga sustainable at pangkalahatang pagsulong kung saan ito ang panawagan ng papa, ang maging taong may “antibodies of hope, faith and love.” (*Life...*, page 56).

#### **10. Ang mahalagang antibody ng hustisya, pagibig, at**

## **pagkabuklobbuklod**

Simula sa pag-iisip na may pinagmulan ang infection, may ugali na tratuhin ang mga taong na-infect na parang sila ay kriminal. Ang paglaganap ng pagkabagabag at takot sa mga tao ay may kaakibat na panganib na ang pagkamuhi, at diskriminasyon ay kumalat. Higit kailanman, ang pagkilos para protektahan ang lahat ng buhay ay kailangan ng pagkakaisa at pakikiramay sa lipunan. Kaysa ipanumbalik ang estado bago magpandemic, ang sangkatauhan ay dapat magpakita ng lalong pagkabuklobbuklod higit sa dati at bumuo ng lipunang nakasentro sa mas mahihina. Ang sabi ni Papa Francisco, “To share the suffering of the Lord requires that we be close to the suffering of our brothers and sisters.” (*Life*...; page 53). Pinagtatalunan na ang mga refugees sa buong mundo at ang iba pang naabandona ng ilang panahon ay nasa state of emergency, at napwersa sa mas mahirap at mapanganib na sitwasyon dahil sa pandemic na corona. Ang ating kailangan ay “the essential antibody of justice, love, and solidarity.” (*Life*...; page 57).

May kapangyarihan tayong magdusa para sa paghihirap ng iba bilang atin. Maraming mga taon sa paligid natin ang nagtulungan sa isa’t isa sa gitna ng pagsasara ng negosyo at self-isolation. Dapat nating alisin ang pagkamakasariili na nagmamalasakit lamang sa pangunahing kaligtasan at seguridad ng sarili at ng sariling bansa, at makipagtulungan sa lahat. Lahat tayo ay gustong magkapit-kamay, magbahaginan ng kirot, mapalapit sa mga mahihina, magtulungan sa isa’t isa, tanggapin ang bagong pamumuhay, at mamuhay ng sama-sama. Ang mamuhay na sama-sama ay ang espiritwalidad ng Panahon ng Corona.

## **11. Pukawin muli ang ningas ng pagibig**

Tayong mga Kristiyano ay hindi naghahanap ng pananampalataya upang makatakas sa kakaibang sitwasyon ng sakuna na corona. Sa kadhilanan na tayo ay inilagay sa Corona Era kung kaya’t tayo ay patuloy na nagsusumikap na magsanay ng tunay na pagmamahal sa ating kapwa at maghanap ng bagong pamamaraan ng pamumuhay para mapangalagaan ang buhay ng sangkatauhan. Sa pamumuhay ng ganap sa Corona Era sa ganitong paraan, tayo ay makakaranas ng misteryo ng walang hanggang hindi nababago na pananampalataya at palalimin ang ating sariling paniniwala.

Sabi ni San Pablo kay Timoteo: “Dahil dito ay ipinaaalala ko sa iyo na paningas mo ang kaloob ng Diyos, na nasa iyo sa pamamagitan ng pagpapatong ng aking mga kamay. Sapagka’t hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.” (2 Timoteo 1:6-7). Ang aking kaligtasan at kaligtasan ng sangkatauhan ay magkakaugnay. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kaya nating matuklasan ang ating misyon at tungkulin para sa kaligtasan ng lahat. “Sapagka’t ang kaharian ng Diyos ay hindi ang pagkain at paginom, kundi ang

katuwiran at ang kapayapaan at ang kagalakan sa Espirtu Santo. Sapagka't ang sa ganito ay naglilingkod kay Kristo ay kalugodlugod sa Diyos, ay pinatutunayan ng mga tao. Kaya nga sundin ang mga bagay na makakapayapa, at ang mga bagay na makapagpapatibay sa isa't isa." (Roma 14:17-19). Sa kadahilanang ito ay tinanggap natin ang Banal na Espiritu.

## 12. **Maria, kaginhawahan ng mga nahahapis**

Ang Mapagpalang Ina ay nakatayo sa ibaba ng krus ni Hesus. Habang napagbata ni Hesus ang pagdurusa sa krus para sa kaligtasan ng lahat ng tao, si Maria naman ay nagdusa sa buong buhay niya at nakiisa sa gawaing pagliligtas ng Diyos. Ito ay ang kaganapan sa propesiya ni Simeon "paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa." Tayo'y manalangin kay Maria na kasama ni Kristo sa pagdurusa ng sangkatauhang nasalot ng corona. "Mary, Mother of God and our mother, in these harsh days of suffering and anxiety all over the world, we ask for your protection and help. Look upon us with mercy in this new coronavirus pandemic. Comfort of those who suffer, embrace all your suffering children. Pray for us that God will reach out to all and save us from the outbreak of this terrifying disease. Amen." (*Life...*, pages 74-79).

✠ Paul Yoshinao Otsuka  
Bishop of Kyoto  
Solemnity of Mary, Mother of God  
January 1, 2021